
**3**

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Simula, Gitna, Katapusan at Inuulit na Bahagi





PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Simula, Gitna, Katapusan at Inuulit na Bahagi**
**First Edition, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Edralin A. Gumilan
**Editor:** Reynaldo Deocampo, Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel W. Gacasan
**Tagasuri:** Marciano G. Canillas, Maricel M. Jamero, Menard M. Arenas Christopher B. Vista, Gloria C. Sabanal, Lea C. Manambay Ana Lorma A. Dahiroc
**Tagaguhit:** Loureven John L. Drilon
**Tagalapat:** Ken Harvey C. Famor, Melanie Mae N. Moreno
**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Reynante A. Solitario, Mary Jeanne B. Aldeguer, Janwario E. Yamota, Analiza C. Almazan, Djhoane C. Aguilar, Ma. Cielo D. Estrada, Maria Perpetua Angelita G. Suelto, Jeselyn B. dela Cuesta, Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Simula, Gitna, Katapusan at Inuulit na Bahagi

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Sa modyul na ito ay malalaman mo na ang isang awit ay may simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi. Ang inuulit na bahagi ay makikita sa isang **music sheet** na maaaring nasa gitna o huling bahagi. Ang simula, gitna, at katapusang katapusan ay makikita sa bawat **melodic line**.

Ang layunin ng modyul na ito ay upang mapalawak pa ang iyong kaalaman sa musika lalong-lalo na sa pag-unawa tungkol sa kabuoan ng isang awit.

Matapos mong matutuhan ang leksiyong ito, ikaw ay inaasahang:

1. naunawaan ang mga bahagi ng awitin;

2. nakilala ang simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi ng isang awit (MU3FO-IId-1); at

3. natutukoy ang melodic line ng isang awitin.

## Subukin

Panuto: Pagmasdan at pag-aralang maigi ang awiting "Twinkle, Twinkle Little Star" at sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Twinkle, Twinkle Little Star**

Composer: Unknown

Traditional




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide*, First Edition Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 51

1. Ilan ang melodic line ng awiting ito?

a. dalawa b. lima c. tatlo d. anim

2. Ang melodic line na nagsasabing "Like a diamond in the sky" ay napabilang sa aling bahagi?

a. Simula b. Katapusan c. Gitna d. Wala sa lahat

3. Aling bahagi ng melodic line ang kabilang sa simulang bahagi ng awiting ito?

a. Up above the world so high, like a diamond in the sky

b. Twinkle, twinkle little star, how I wonder what you are

c. Parehong a at b

d. Wala sa lahat

4. Ito ay may simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi at nakabubuo ng kaisipang pangmusikal.

a. awit

b. tula

c. kwento

d. wala sa nabanggit

5. Saang bahagi ng awitin ang inuulit?

a. unang linya at ikalawang linya

b. ikalawang linya at ikatlong linya

c. unang linya at ikatlong linya

d. Wala sa nabanggit

| Aralin 1 | Simula, Gitna, at Katapusan ng Isang Awit |
| --- | --- |

## Balikan

Balikan natin ang nakaraang aralin na direksiyon ng himig. Dito natin nalaman ang iba't ibang hugis ng mga linya ng musika. May mga linya na hugis bundok, patag, at paalon. Ganyan din ang galaw ng himig, maaari itong bumaba o manatili lamang.

**Panuto:** Alamin ang iba't ibang linya ng musika sa ibaba. Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
| 1. Pataas | A.  |
| 2. Nanatili | B.  |
| 3. Pababa | C.  |
| 4. Pataas, Pababa | D.  |
| 5. Nanatili, Pataas, Pababa | E.  |

## Tuklasin

Ang isang awitin ay may simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi. Sa melodic lines matatagpuan ang mga bahaging ito. Subukan nating awitin ang "Do, Re, Mi Song" at ating alamin ang simula, gitna at katapusan ng awit. Kung hindi mo alam kantahin ito ay basahin mo na lamang ang liriko ng awit. Handa ka na ba?

### Do, Re, Mi Song

Let's start at the very beginning
A very good place to start
When you read you begin with A-be-see
When you sing you begin with do-re-mi

Do-re-mi, do-re-mi
The first three notes just happen to be
Do-re-mi, do-re-mi

Do-re-mi-fa-so-la-ti
Let's see if I can make it easy


Doe, a deer, a female deer
Ray, a drop of golden sun
Me, a name I call myself
Far, a long, long way to run
Sew, a needle pulling thread
La, a note to follow Sew
Tea, a drink with jam and bread
That will bring us back to Do

Doe, a deer, a female deer
Ray, a drop of golden sun
Me, a name I call myself
Far, a long, long way to run

Sew, a needle pulling thread
La, a note to follow Sew
Tea, a drink with jam and bread
That will bring us back to Do

## Suriin

Ang awit ay may simula, gitna, katapusan at inuulit na bumubuo ng isang kaisipang pangmusika. Suriin ang mga awiting “Up and Down” at Bagbagto. Mahahanap mo kaya ang simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi sa mga melodic lines ng mga awiting ito?




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide, First Edition* Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 56

Sa awiting Up and Down, ito ay mayroong apat na **melodic lines.** Ito ay ang Linya 1, Linya 2, Linya 3 at Linya 4. Ang **simulang bahagi** ng awitin ay matatagpuan sa Linya 1. Ang liriko na matatagpuan sa Linya 1 ay *Let us go climbing up the stairs today.* Ang **gitnang bahagi** naman ay matatagpuan sa Linya 2 at Linya 3. Para sa Linya 2, ito ay may lirikong *then merily we'ew going down this way.* Para naman sa Linya 3, ito ay may lirikong *Down, down down, up, up, up higher higher.* Ang **katapusan bahagi** naman ay nasa Linya 4. Ito ay may lirikong *Then we go down the stairs today.*




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide,* First Edition Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 72

Ang awiting "Bagbagto" ay isang magandang halimbawa ng may inuulit na bahagi. Ito ay may dalawang **melodic lines.** Ito ay ang Linya 1 at Linya 2. Mapapansin na may ganitong simbolo ( 𝄆 ) sa unang bahagi ng Linya 1, at may ganitong simbolo ( 𝄇 ) sa huling bahagi ng Linya 2. Repeat mark ( 𝄆 𝄇 ) ang tawag sa mga simbolong ito.

Ang repeat mark ( 𝄆 𝄇 ) ay ginagamit upang ipakita ang pag-uulit sa musika. Kapag nakakita ka ng simbolong ito ( 𝄇 ), ang ibig sabihin ay dito mag-umpisa ang pag-uulit ng awitin o kanta. Lahat ng melodic line na nasasakop nito mula repeat mark na ( 𝄆 ) hanggang sa huling bahagi na may repeat mark na ( 𝄆 ) ay uulitin.

## Pagyamanin

### Gawain 1

Panuto: Ang nasa ibaba ay isang halimbawa ng isang musical piece. Suriin at pag-aralang mabuti ang mga ito. Sagutin ang mga katanungan at isulat ang sagot sa sagutang papel.




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide, First Edition* Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 64

1. Anong bahagi ng awitin ang nasa ikaapat na linya?

a. Simula c. Gitna

b. Katapusan d. Wala sa lahat

2. Anong melodic line ang nasa unang bahagi ng kanta?

a. Tayo'y umaawit, awiting kay ganda

b. Tayo'y umiindak sa himig kay sigla

c. Ha ha ha ha lahat maligaya

d. Wala sa lahat

3. "La, la, la, la, la halina't magsaya" ay anong bahagi ng awit?

a. Simula c. Gitna

b. Katapusan d. Wala sa lahat

4. Ilang linya mayroon ang awiting ito?

a. isa c. dalawa

b. tatlo d. apat

5. Saang linya mo matatagpuan ang simula ng inuulit na bahagi ng awitin?

a. Unang linya

b. Pangalawang linya

c. Pangatlong linya

d. Pang-apat na linya

**Gawain 2**

Panuto: Igalaw ang katawan habang inaawit ang "Ako ay may Lobo" upang maipakita ng simula, gitna at katapusan ng awit. Ipadyak ang mga paa kung simula, ipalakpak ang mga kamay kung nasa gitna at tumalon kung nasa katapusang bahagi ng awit. Gawin ito sa harap ng iyong mga kapatid o mga magulang.

Ako ay May Lobo

Ako ay may lobo, lumipad sa langit
'Di ko na nakita, pumutok na pala!
Sayang ang pera ko, binili ng lobo
Sa pagkain sana, nabusog pa ako!

Hayaan silang magbigay ng grado para sa iyo. Sundin ang rubriks sa pagbigay ng grado na nasa ibaba.

| **Rubriks** | | | |
|---|---|---|---|
| | 3 | 2 | 1 |
| Naawit sa tamang tono | | | |
| Naawit sa tamang ritmo o tayming | | | |
| Nakilala ang simula, gitna at katapusan ng awit sa galaw ng katawan | | | |
| *Kabuuang Puntos* | /9 | | |

## Gawain 3

Panuto: Suriing mabuti ang musical piece sa ibaba. Isulat ang lyrics sa simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi sa puwang na ibinigay sa ibaba ng musical piece.




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide,* First Edition Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 73

Simula ______________________________

Gitna ______________________________

Katapusan ______________________________

Inuulit ______________________________

## Isaisip

Lagi mong tandaan ang mga bagay na ito:


1. Ang awit ay binubuo ng simula, gitna, katapusang at inuulit na bahagi.

2. Ang simula, gitna, katapusang at inuulit na bahagi ay makikita sa melodic lines ng awitin.

3. Ginagamit ang repeat marks (𝄆 𝄇) upang magsilbing palantandaan ng pag-uulit ng isang bahagi sa awitin o tugtugin.

## Isagawa

Panuto: Awitin mo ang "Bahay Kubo" at piliin ang tamang sagot na makikita sa Hanay B at ilagay sa puwang sa Hanay A. Isulat ito sa sagutang papel.




Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide*, First Edition Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 21

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Simula | a. Singkamas at talong sigarilyas at mani, sitaw, bataw, patani. |
| 2. Gitna | b. Binubuo ng simula, gitna, katapusan at inuulit na bahagi |
| 3. Katapusan | c. “Bahay Kubo" |
| 4. Awit | d. Sa paligid-ligid ay maraming linga |
| 5. Pamagat | e. Bahay Kubo kahit munti ang halaman doon ay sari-sari |

## Tayahin


Panuto: Tingnang mabuti ang musical piece na ito. Awitin mo ito sa harap ng iyong mga kapatid o magulang. Hayaan mong sila ang magbigay ng grado sa iyo gamit ang rubriks na nasa ibaba ng musical piece. Tandaan ang mga bahagi na kailangan mong ulitin ang pag-awit.



| Rubriks | | | |
|---|---|---|---|
| | 3 | 2 | 1 |
| Naawit sa tamang tono | | | |
| Naawit sa tamang ritmo o tayming | | | |
| Nagamit ang repeated mark na nasa awitin | | | |
| *Kabuuang Puntos* | /9 | | |


## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Pagmasdan at unawaing maigi ang musical piece na ito. Isulat ang lyrics ng simula, gitna, katapausan at inuulit na bahagi sa loob ng mga hugis na nasa ibaba.





Amelia M. Ilagan et al. 2015 Music Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide, First
Pinagmulan: Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide*, First Edition Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014


Simula




Gitna



Katapusan



Inuulit



# Susi ng Pagwawasto

## Subukin

1. C
2. C
3. B
4. A
5. C

## Balikan

1. D
2. E
3. A
4. C
5. B

## Pagyamanin

### *Gawain 1*

1. B
2. A
3. C
4. D
5. C

### *Gawain 2*

**Ako ay Maylobo**
Unknown

**Ako ay may lobo umipad sa langit**
**Di ko na nakita pumutok na pala!**
**Sayang ang pera ko binili ng lobo**
**Sa pagkain sana nabusog pa ako!**

| Rubriks | | | |
|---|---|---|---|
| | 3 | 2 | 1 |
| Naawit sa tamang tono | 3 | | |
| Naawit sa tamang ritmo o tayming | 3 | | |
| Nakilala ang simula, gitna at katapusan ng awit sa galaw ng katawan | 3 | | |
| *Kabuuang Puntos* | 9 | | |

### *Gawain 3*

Simula — *Let's come and play tralalalala*

Gitna — *Playing the trumpet tot, tot, tot, tot, tot*

Katapusan — *I can play the trumpet trumpet, trumpet, trumpet*

Inuulit — *I can play the trumpet trumpet, trumpet, trumpet*

## Isagawa

1. E
2. A
3. D
4. B
5. C

## Tayahin




| Rubriks | | | |
|---|---|---|---|
| | 3 | 2 | 1 |
| Naawit sa tamang tono | 3 | | |
| Naawit sa tamang ritmo o tayming | 3 | | |
| Nakilala ang simula, gitna at katapusan ng awit sa galaw ng katawan | 3 | | |
| *Kabuuang Puntos* | 9 | | |

## Karagdagang Gawain

Simula

Hello nice
and sunny
morning

Gitna

Come on little boys and girls
Let us sing
Come Let's dance
come let sing
Let us do the tango
Oh I hear the looloo

Katapusan

How we love to dance
and sing the loobiloo

**Inuulit**

Come Let's dance
come let sing
Let us do the tango
Oh I hear the looloo
How we love to dance and
sing the loobiloo

# *Sanggunian*

Batiloy, Fely A. , Borbor , Ma.Teresa P. , Cinco, Mary Grace V. , Digo, Maria Elena D., Enguero, Fe V. ,Ilagan, Julian, Arthur M. , Amelia M., Obseńares, Josephine Chonie M. , Villareal, Josepina D. , 2014, 2016,2017 *"Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya",* Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Batiloy, Fely A. , Borbor , Ma.Teresa P. , Cinco, Mary Grace V. , Digo, Maria Elena D. , Enguero, Fe V. ,Ilagan, Amelia M., Obseńares, Josephine Chonie M. , Villareal, ,Josepina D. 2015, *"Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)",* Rex Bookstore, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph